



# Unang Sulyap sa Paparating na Panahon

## Leksyon 5

**1. Ano ang dalawang magkaibang pagkabuhay na maguli ang binanggit ni Jesus?**

*Juan 5:28,29* \_\_\_\_\_

**2. Ang dalawang pagkabuhay na maguli ay nahihwalay sa ilang mga taon?**

*Apocalipsis 20:4-6* \_\_\_\_\_

**3. Anong dalawang mga salita ang naglalarawan sa mga nakalakip sa unang pagkabuhay na maguli?**

*Apocalipsis 20:6* \_\_\_\_\_

**4. Ang natira sa mga namatay ay hindi binuhay hanggang kailan?**

*Apocalipsis 20:5* \_\_\_\_\_

**5. Ang pagkabuhay na maguli ng mga matuwid ay magaganap sa oras ng anong dakilang pangyayari?**

*1 Tesalonica 4:15-17* \_\_\_\_\_

**6. Ang mga binuhay na maguli at ang mga nabubuhay na matuwid ay aagawing magkasama upang salubungin ang Panginoon saan?**

*1 Tesalonica 4:17* \_\_\_\_\_

Si Jesus ay darating upang dalhin ang mga matuwid sa dakong inihanda na Niya para sa kanila sa langit.  
(Tingnan ang leksyon 4).

**7. Sa pagdating ni Jesus, ano ang gagawin Niya sa mga masasama?**

*1 Tesalonica 2:8* \_\_\_\_\_

“Pagka ang aking mga kaaway ay magsisibalik, sila'y matitisod at malilipol sa iyong harapan.”  
Awit 9:3

**8. Paano isinasalarawan ng Apocalipsis ang mangyayari sa mga hindi naligtas sa pagdating ni Jesus?**

*Apocalipsis 19:21* \_\_\_\_\_

“Narito, pinawawalan ng laman ng Panginoon ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangalat ang mga nananahan doon. Ang lupa ay lubos na mawawalan ng laman, at lubos na masasamsaman; sapagka't sinalita ng Panginoon ang salitang ito. Ang lupa ay gigiray na parang lango, at mauuga na parang dampa; at ang kaniyang pagsalangsang ay magiging mabigat sa kaniya, at mabubuwal, at hindi na magbabangon.” Isaias 24: 1, 3, 20

**9. Ipinakita kay Jeremias ang sirang kalagayan ng daigdig pagkatapos ng panahong iyon. Paano ito nahahawig sa dati nitong kalagayan bago ang paglikha sa tao?**

*Jeremias 4:23* \_\_\_\_\_

**10. Mayroon bang matitirang kahit sino sa lupa?**

*Jeremias 4:25* \_\_\_\_\_

“At ang mapapatay ng Panginoon sa araw na yao'y magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa: sila'y hindi tataghuyan, o dadamputin man, o ililibing man; sila'y magiging dumi sa ibabaw ng lupa.” Jeremias 25: 33

**11. Ano ang mangyayari sa lahat nating mga malalaking lungsod?**

*Jeremias 4:26* \_\_\_\_\_

“Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, Ang buong lupain ay magiging sira; gayon ma'y hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan.” Jeremias 4: 27

**12. Sa pagdating ng mga matuwid sa langit anong tungkulin ang ibibigay sa kanila?**

*Apocalipsis 20:6* \_\_\_\_\_

Sa talatang 4 ay sinasabi, “Sila'y pinagkalooban ng paghatol.”

**13. Ano ang magiging kabilang sa gawaing ito?**

*1 Corinto 6:2,3* \_\_\_\_\_

**14. Gaano katagal magagapos si Satanas?**

*Apocalipsis 20:1,2* \_\_\_\_\_

**15. Siya ay magagapos sa pag-gawa ng ano?**

*Apocalipsis 20:3* \_\_\_\_\_

**16. Paano siya igagapos ng Diyos sa pag-gawa niyaon?**

*Zefanias 1:2,3* \_\_\_\_\_

**17. Saan mapaparoon si Satanas sa loob ng isang libong mga taon?**

*Apocalipsis 20: 3* \_\_\_\_\_

Ang Griegong salita na ginamit dito ay abussos, ang salitang ginamit sa Griegong salin ng Genesis 1: 2 upang isalarawan ang kalagayan ng lupa bago ang paglikha sa tao.

**18. Sa wakas lilikha ba ang Diyos ng bagong sanlibutan?**

*Isaias 65:17* \_\_\_\_\_

**19. Sa kaniyang pangitain, ano ang napansin niya sa bagong lupa?**

*Apocalipsis 21: 1* \_\_\_\_\_

**20. Ano ang sumunod niyang nakita na nananaog buhat sa Diyos mula sa langit?**

*Apocalipsis 21:2* \_\_\_\_\_

“At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang bayang banal na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios.” Apocalipsis 21: 10

**21. Ano ang gagawin ni Satanas doon sa mga bumangon sa ikalawang pagkabuhay na maguli?**

*Apocalipsis 20:7,8* \_\_\_\_\_

**22. Sa anong layunin bubuhaying muli ang mga masasama?**

*Apocalipsis 20:13* \_\_\_\_\_

**23. Sa wakas ano ang ipahahayag ng bawat dila?**

*Filipos 2:10,11* \_\_\_\_\_

**24. Subalit ang kanilang pagsisisi ay huling – huli na, sapagkat anong susunod na mangyayari sa kanila?**

*Apocalipsis 20:15* \_\_\_\_\_

“At bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok.” Apocalipsis 20: 9

**25. Ano ang tawag ng Biblia sa karanasang ito?**

*Apocalipsis 20:14* \_\_\_\_\_

“At ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.” 2 Pedro 3: 10

**26. Sa ano tayo ngayon maaring maghintay?**

*2 Pedro 3:13* \_\_\_\_\_

**27. Sino ang magmamana ng lupa na ginawang bago?**

*Awit 37:11* \_\_\_\_\_

**28. Kailan nila ito mamahin?**

*Awit 37: 34* \_\_\_\_\_

**29. Ano ang mawawala na?**

*Apocalipsis 21:4, 5* \_\_\_\_\_

“At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila.” Apocalipsis 21: 3

“At makikita nila ang kaniyang mukha; at ang kaniyang pangalan ay sasa kanilang mga noo.” Apocalipsis 22: 4

**30. Ano ang gagawin ng mga tinubos sa bagong lupa?**

*Isaias 65:21,22* \_\_\_\_\_

**31. Magiging gaano kapayapa ang bagong sanlibutan?**

*Isaias 65:21,22* \_\_\_\_\_

**32. Habangbuhay na bang mawawala ang kasalanan?**

*Nahum 1:9* \_\_\_\_\_

## **Sa Liwanag ng Salita ng Diyos...**

**O** Nauunawaan ko na ang mga matuwid ay mapapasa-langit sa loob ng isang libong mga taon. At kanilang mamanahin ang lupa na ginawang bago.

**O** Ninanais ko na tanggapin ang tahananang inihanda para sa akin ni Jesus.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

**Susunod na Leksyon:** *Hindi Nakikitang mga Lakas sa Likod ng mga Eksena*